
# Operasyong Pagresolba sa Tanong sa Bilang ng 2020 Senso



Ang Operasyong Pagresolba sa Tanong sa Bilang ng 2020 Senso (Count Question Resolution Operation o CQR) ay nagbibigay sa mga pantribo, pang-estado (state), at lokal na gobyerno ng pagkakataong humiling ng pagsusuri ng mga opisyal na bilang ng 2020 Senso. Sinusuri ng operasyon ang mga hindi pagkakaayon sa legal na hangganan at mga potensyal na error sa pagpoproseso ng bilang ng mga bahay at opulasyon.

Maaaring gamitin ng mga gobyernong may mga tanong tungkol sa kanilang mga bilang ang proseso para humiling ng pagsusuri ng mga sumusunod na sitwasyon:

- **Mga kaso sa hangganan.** Maaari naming suriin ang mga legal na hangganan ng yunit ng gobyerno na may bisa simula noong Enero 1, 2020, at mga nauugnay na address na apektado ng mga hangganan.
- **Mga kaso ng bilang ng mga bahay.** Maaari naming suriin ang heograpikong lokasyon o pagpupuwesto ng mga bahay at nauugnay na populasyon. Maaari din naming suriin ang mga resulta ng senso para matukoy kung hindi naisama ng (mga) error sa pagpoproseso ng senso ang wastong data ng mga bahay at nauugnay na populasyon.

### Maaari bang baguhin ng CQR ang data ng muling pag-distrito, mga resulta ng pagbabahagi, o iba pang produkto ng data sa 2020 Senso?

- Hindi mababago ng CQR ang opisyal na data ng 2020 Senso.
- Kung kailangan ng mga pagbabago dahil may nakita kaming error, maglalabas kami ng paunawa ng pagkakamali. Makikita sa paunawang ito ang na-update na bilang ng mga bahay at populasyon para sa bawat block ng senso na may pagwawasto.
- Ia-update din namin ang mga kabuuang bilang sa senso na ginagamit namin para buuin ang aming mga pagtatantiya ng populasyon kada taon.

### Anong impormasyon ang hindi maaaring baguhin sa pamamagitan ng isang kahilingan sa CQR?

- Hindi bahagi ng CQR ang mga pagbabago sa data batay sa paggamit ng Kawanihan ng Senso ng U.S. sa differential na pagkapribado para itago ang pansariling pagkakakilanlang impormasyon tungkol sa mga indibidwal.
- Hindi naaapektuhan o nababago ng CQR ang pangkalahatang populasyon ng isang estado (state) sa bilang ng pagbabahagi nito o bilang ng mga upuan ng isang estado (state) sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng U.S.

United States® Census Bureau
U.S. Department of Commerce
U.S. CENSUS BUREAU
*census.gov*

## Sino ang puwedeng magsumite ng kahilingan ng pagsusuri sa pamamagitan ng programang ito?

- Ang mga kahilingan sa CQR ay maaari lang isumite ng mga opisyal na inihalal o iniluklok sa pinakamataas na posisyon (o kinatawan ng mga ito) ng mga pederal na kinikilalang Amerikanong Indian na tribo, mga estado (state), mga county, mga incorporated na lugar, mga aktibong gumaganang maliit na sibil na dibisyon, mga municipio sa Puerto Rico, Mga Panrehiyong Korporasyon ng Katutubong Alaskan, at mga lugar na pang-estadistika sa Nayon ng Katutubong Alaskan.

## Maglalathala ba ang Kawanihan ng Senso ng listahan ng mga inihaing kahilingan sa CQR sa 2020 Senso?

- Maglalathala kami ng mga na-update na listahan sa <www.census.gov> ng mga kahilingang saklaw kapag natapos na naming asikasuhin ang mga kaso, na karaniwang nasa loob ng 90 araw pagkalipas ng pagtanggap sa mga katanungan. Bilang pagsunod sa Titulo 13, hindi kami makakapag ibunyag ng mga partikular na detalye tungkol sa mga kahilingan.
- Tutugon kami sa lahat ng kahilingan sa CQR na natanggap, kahit na hindi saklaw ang kahilingan.

## Ano ang iskedyul para sa operasyong CQR?

- Sa Disyembre 2021, aabisuhan ng Kawanihan ng Senso ang 40,000 pantribo, pang-estado (state), at lokal na gobyerno sa Estados Unidos tungkol sa operasyong CQR at magbibigay ito ng higit pang impormasyon tungkol sa kung paano lumahok.
- Magsisimula kaming tumanggap ng mga kaso ng CQR sa Enero 3, 2022. Ang deadline para sa pagsusumite ng kaso ay Hunyo 30, 2023.
- Paunti-unti naming ibibigay ang mga resulta hanggang Setyembre 30, 2023. Ang mga resulta ay ibibigay sa opisyal na inihalal o iniluklok sa pinakamataas na posisyon ng lahat ng apektadong gobyerno at ipo-post din ito bilang pagkakamali sa census.gov.

## Press Kit ng CQR

<www.census.gov/newsroom/press-kits/2021/2020-census-count-question-resolution.html>